

ANG

PAHAYAGAN NG PARTIDO KOMUNISTA NG PILIPINAS
PINAPATNUBAYAN NG
MARXISMO — LENINISMO — KAISIPANG MAO ZEDONG



Bayan

Tomo XIII Bilang 8

Abril 30, 1981

MGA NILALAMAN

MAYO 1: NAMUMUNO ANG MANGGAGAWA
SA KILUSANG MASA, SA REBOLUSYON p. 1

MALAWAK, MALAKAS NA BOYKOT NG BAYAN
ANG BIBIGO SA 'ELEKSYON' NG REHIMEN p. 3

UMAHIK SA PBB ANG 4 NA PARI,
HAIS MAGLINGKOD SA MAHAMAYAN p. 7

MAGSISILBING MANINGNING NA HUMARAN
ANG MGA MANGGAGAWANG UMAHIK SA PBB p. 7

BUMIBWELO ANG REBOLUSYONG AGRARYO
SA 6 NA BAYAN SA SILANGANG SAMAR p. 10

AKTIBO ANG MGA GRUPO SA EU, CANADA
SA PAGTATAGUYOD SA REBOLUSYON DITO p. 13

**MAYO 1: NAMUHUNO ANG MANGGAGAWA
SA KILUSANG MASA, SA REBOLUSYON**

Ipinagbubunyi natin ang Mayo Uno ng taong ito sa panahong may salinaw na muling pagragasa ang kilusang manggagawa, at umaani ng walang kaparis na tagumpay ang aradong rebolusyong pinamumunuan ng pampulitikang partido ng uring manggagawa.

May 100,000 na ang nagwewelga sa buong bayan mula noong magtatapos ang 1980 sa transportasyon, publiko, pagmamamupaktura, pagminina, pagre-ropina ng langis, pagtatanim, edukasyon, serbisyo sa hotel at kainan, at pagbabangko.

Sinasunod sa pangunguna ng manggagawa, nagsipag-aklas din nitong nakaraang limang buwan ang mga titaer, mga empleadong klerikal, mga teknisyen at mga propesyonal. Sa pamamagitan ng kanilang mga organisasyon, ihinarap nila ang paggigiit na taasan ang kanilang pasahod at mga alawans.

Bahagi ng kabuuang muling pagsulong ng kilusang manggagawa ang pampulitika at pang-organisasyong konsolidasyon sa kilusang masang ito--ang pagdami at pagtatag ng mga hayag at lihim na mga grupo at bukluran, mula sa maliit na mga sirkulo ng pag-aaral sa mga departamento ng pabrika hanggang sa malalawak na kompederasyon.

Sa mga welga, petisyon, martsa at iba pang pagkilos, iginigiit ng mga manggagawa na dagdagan ang kanilang sahod na lubhang napapaliit ng mabilis na pagtaas ng presyo ng mga bilihin. Ang 27 porsyentong itinaas ng minimum na sahod sa nakaraang isa't kalahating taon ay napakalayong makasapat para sa 77 porsyentong itinaas ng presyo ng gasolina sa panahon ding iyon.

Sa pamamagitan din ng iba't ibang anyo ng pagkilos, kabilang ang pagsuway mismo sa anti-manggagawang mga batas ng rehimen, ipinaglalaman ng masang manggagawa na alisin ang lehat ng sagka sa karapatang magwelga. Iginigiit din nila ang totooanang pag-aalis sa batas militar.

Binibigo ng magiting na paglaban ng mga manggagawa at ng pakikilisa sa kanila ng iba pang mamamayan ang mga tangka ng diktadura na pigilin o buwagin ang mga welga. Sinusuway nila ang pagbabawal sa welga sa mga "mahalagang industriya", ang patakarang dapat mag-abiso 30 araw bago magwelga, ang patakarang pagbotohan muna ang desisyong magwelga, ang paglilimita ng welga sa mga isyung pang-ekonomya lamang, at ang pagbabawal sa mga di-kinikilalang unyon na tumawag ng welga.

Hinaharap ng mga manggagawa ang mga pananakot ng Ministri ng Paggawa at Empleo (MOLE) ng rehimen, ang marahas na pananalakay ng mga pwersang militar at mga bayarang maton sa kanilang pagpipiket, ang pang-aaresto, ang pambubugbog at ang pagtatanggal o pagsususpindi sa trabaho.

Nagkakasunud-sunod at madalas nagkakasabay-sabay ang maranging welga, sa harap ng mahigpit na mga sagka at tahasang panunupil ng rehimen. Malaking tagumpay na mismo ito para sa kilusang manggagawa. Napapanday ang mga manggagawa sa paglaban sa reaksyonaryong estado mismo, isang natatanging pampulitikang pag-unlad nila.

Bukod dito'y naipagtagumpay din ng mga welga ang ilang iginigiit ng mga manggagawa--pagdadagdag sa pasahod, pagbabayad sa inipit na mga alawans, ilang pagpapahusay sa kalagayan ng paggawa, pagbabalik sa mga sinipa at sinuspindong manggagawa, at pagsipa o paglilipat sa abusadong mga supervisor.

Hismong ang pagtatapon o pangangako ng rehimeng Marcos ng mga muno mula sa hapag-handaan ng malalaking kapitalistang dayuhan at lokal ay bunga lang ng pagkakatulak ng kabuuang paglakas ng militanteng kilusang manggagawa.

Hulat na umuugnay sa kilusang sagsasaka ang kilusan ng mga manggagawang nasa kanayunan para harapin ang mga isyung nakaaapekto kapwa sa dalawang sektor o kaya'y sumuporta sa pakikibakang anti-pyudal.

Tunay nga, di matatawaran ang ambag ng masa ng manggagawang Pilipino sa kabuuang pa, yulong ng kilusang anti-pasista, anti-pyudal at anti-imperyalista.

Pagkilala sa lakas at papel ng uri

Napatitingkad ang katotohanang ang uring manggagawa ang may namumunong papel sa lipunan at rebolusyong Pilipino dahil sumusulong ngang muli ang malawak at militanteng kilusang manggagawa, at, mas mahalaga pa, dahil aktibo sa pagbibigay ng wastong pamumuno sa rebolusyonaryong pakikibaka ng buong sambayanan ang pampulitikang partido ng manggagawa--ang Partido Komunista ng Pilipinas.

Ipinaliwanag sa atin ni Kasamang Amado Guerrero kung bakit ang uring manggagawa (proletaryado) ang siyang may makasaysayang tungkuling mamuno sa pakikibaka ng samamayan para sa malaya at demokratikong lipunan. Sa Lipunan at Rebolusyong Pilipino, sinabi niya:

"Pinakaabanteng pwersa ng produksyon sa bayan ngayon ang proletaryado sa industriya. Nakaugnay ito sa pinakaabanteng pwersa ng produksyon sa mga bayang imperyalista at sa kabuuan ng daigdig. Nakaugnay ito sa pinakaabanteng porma ng ekonomya, ang sosyalismo. Sa buong kasaysayan ng sangkatauhan, lumitaw ang proletaryado bilang pinakaabanteng pwersa ng produksyon sa pamamagitan ng paglikha sa makabagong pamamaraan ng maramihang produksyon. Batay sa katayuang pang-ekonomya at karanasang pampulitika nito, ang proletaryado ay siya nang naging pinakaabanteng pwersang pampulitika sa saklaw na pambansa at pandaigdig."

Ang dakilang Karl Marx, kasama si Frederick Engels, ang kauna-unahang tumukoy sa natatanging papel ng proletaryado sa kasaysayan ng sangkatauhan, na sa lahat ng uring nakakaharap ngayon ng burgesya, ang uring manggagawa lamang ang ganap na rebolusyonaryo.



Karl Marx
(1818-1883)

Mula sa karanasan ng mga tunggaliang makauri sa kasaysayan ng sangkatauhan, hinalaw ni Marx ang mga prinsipyong bumubuo ngayon sa pinakaabanteng syentipikong kaisipan ng proletaryado--ang Marxismo. Sa Manifesto ng Partido Komunista (isinulat noong 1848), nanawagan sina Marx at Engels sa manggagawa ng buong daigdig na magkaisa, harapin ang burgesya sa kanilang bayan, at palayain ang sangkatauhan mula sa lahat ng anyo ng pagsasamantala. "Walang nawawala sa mga proletaryo kundi ang kanilang mga kadena," anila, "May daigdig silang kakawtin."

Wastong isinasapratika ng Partido Komunista ng Pilipinas ang mga aral ng Marxismo, na pinayaman pa nina Vladimir Lenin at Mao Zedong. Masinsinang pinag-aaralan ng paparaming manggagawa at iba pang samamayan ang pinakasaligang mga aral ng Marxismo-Leninismo-Kaisipang Mao Zedong at ang pinakamahahalagang punto sa wastong aplikasyon nito sa lipunan at rebolusyong Pilipino--ang pambansa-demokratikong linyang pampulitika.

Patuloy na dumarami ang mga manggagawang nirerekruta sa Partido. Paparami rin ang mga manggagawang tumutungo sa kanayunan para sumampa sa Bagong Hukbong Bayan. Higit na marami ang nagiging mga aktibista sa lumalakas sa kilusang manggagawa sa mga syudad at sentrong bayan at maging sa malalayang minahan at trosohan.

Sa pagpupunyagi ng mga kadre at aktibistang kumikilos sa mga lihim na sirkulo ng pag-aaral, sa mga grupong pangkultura, sa mga komite ng unyon at poderasyon, at sa iba pang bukluran ng mga manggagawa, hayag man o di-hayag, mahusay na ipinaliliwanag sa malawak na masang manggagawa ang malalin na panlipunang mga ugat ng mga problema sa pagawaan.

Malinaw na iniuugnay ang mga isyu ng welga sa pangkalahatang mga salot ng imperyalismo, pyudalismo at burukratang kapitalismo, at iniuugnay ang mga welga mismo at iba pang pagkilos ng manggagawa sa kabuuang pakikibaka ng mamamayan para sa pambansang kalayaan at demokrasya.

Dala ng pinakaabante sa hanay ng uring manggagawa ang aral ng dakilang Marx at ang aplikasyon nito sa lipunang Pilipino: "Hindi magiging panginoon ng mga pwersa ng produksyon ang mga proletaryo kapag hindi nila papawin ang dati nilang sistema ng pag-angkin (ng ikinabubuhay), at sa gayon, lahat ng iba pang dating sistema ng pag-angkin (ng ikinabubuhay)."

Sa lipunang Pilipino, hindi mapalalaya ng uring manggagawa ang sarili sa kapitalistang pagsasamantala kapag hindi nito palayain ang buong sambayanang Pilipino sa mala-kolonyal at mala-pyudal na pagsasamantala at pang-aapi.

Ginagampanan ng proletaryadong Pilipino ang tungkulin nito sa pamamagitan ng wastong pamumuno ng Partido at magiting na paglahok ng masang manggagawa sa demokratikong rebolusyon ng bayan. At ang rebolusyong ito'y usaani ng tagumpay na walang kaparis sa anumang naunang panahon sa kasaysayan ng bayan.

* * *

MALAWAK, MALAKAS NA BOYKOT NG BAYAN ANG BIBIGO SA 'ELEKSYON' NG REHIMEN

Boykot! Iboykot ang panlolokong eleksyong presidensyal ng diktadurang EU-Marcos at lalong isulong ang kilusan ng mamamayan para sa paglao'y mabagsak ang pinakakinamumuhian at mapang-aping diktadurang ito.

Malawak at malakas na isinisiyaw ng malawak na masa ng sambayanan ang ganito, at siyang pinakapektibong hakbangin nila ito para ilantad at labanan ang imbing pakanang panatilihin sa poder ang pangkating Marcos at gawing "lehitimo" ang pasistang rehimen.

Sa katunayan, lumalakas na ang pinakamalaking posibleng kilusang boykot mula pa noong nakaraang buwan, nang manawagan ang Partido Komunista ng Pilipinas na iboykot ng mamamayan ang "plebisito" ng Abril 7 at ang "eleksyong presidensyal" ng Hunyo 16 [AB, Marso 31, 1981].

Sa panahon ng "plebisito" hanggang nitong Abril 7, pinamunuan ng Partido ang organisadong mga pwersa nito sa pagsasakatuparan ng isang aktibong boykot sa panlolokong plebisito ng rehimen, habang nagbubunsod ng isang malawakang kampanya ng pagpopropaganda't pag-organisa sa mga kanayunan at kalunsuran para lalong palawakin at palalimin ang kilusang boykot sa "eleksyon".

Sa pagtanaw ng Partido, ang katatapos na "plebisito" at ang darating na "eleksyong presidensyal" ay magkasamang bumubuo sa isang malaki at makabuluhang pampulitikang labanan sa pagitan ng malawak na masa ng sambayanan, sa isang panig, at diktadurang EU-Marcos, sa kabila.

Tinatanaw ng Partido ang pampulitikang labanang ito bilang isang mahalagang yugto sa pakikibaka ng mamamayan para ibagsak ang pasistang rehime ng Marcos.

Niluto ng nagbaharing pangkating Marcos, sa utos ng imperyalismang EU, ang panlolokong plebisito-eleksyon. Layon nitong lumikha ng "bagong mandate" (bagong basbas daw ng tumbayan) para kay Marcos, at gawing "lehitimo" at panatilihin ang diktadurang EU-Marcos.

Tinatantya ng mga imperyalistang EU at ng papet nilang pangkating Marcos na sa pamamagitan ng diktadurang "ginawang lehitimo"--na tinatawag nilang "normalisasyon"--ay magkakaroon sila ng ibayong lakas para lalo pang patindihin ang marahas na panunupil sa sumusulong na kilusang pambansa-demokratiko.

Sa ganitong paraan, inasahan nilang patuloy na mapangangalagaan ang kanilang sobra-sobrang ganansya at ang pananatili sa Pilipinas ng mga basang militar ng EU.

Boykot, tutulong sa rebolusyon

Sa kabilang banda, kapag matagumpay na sabuo at mapasulong ng mga rebolusyonaryo at makabayang pwersa ang isang malakas na kilusang boykot ng mamamayan, tiyak na makatutulong ito sa paglikha ng mga kondisyon para sa mas mabilis pang pagsulong ng rebolusyonaryong kilusang masa, para sa mas mabilis pang pag-unlad ng pambansang nagkakaisang prente at ng armadong demokratikong rebolusyon na sa paglaos'y magbibigay ng pamatay na dagok sa diktadurang EU-Marcos.

Ngayon higit kailanpaman pinakamainam ang mga kondisyon para sa pagbubunsod ng isang makapangyarihan, at di-matatanggihang kilusang boykot laban sa napakahalagang pakanang elektoral ng diktadura.

Ngayon higit kailanpaman mapapalawak at mapapalakas ng isang kilusang boykot ang pagkakaisa ng mamamayan at lalo pang maihihiwalay ang nagbaharing pangkating EU-Marcos.

Unang-una na, talagang sawâ na ang mamamayan sa diktadurang EU-Marcos at naubos na ang pisâ ng kanilang pagpapasensya rito.

Sawang-sawâ na sila sa (at desidido silang wakasan na ang) patuloy na pagliit ng tunay na halaga ng kanilang kinikita, patuloy na pagtaas ng mga presyo, dialokasyon naging sa kahig-tukang anyo ng ikinabubuhay, at pagkawak ng maliit nilang mga negosyo.

Sukáng-suká na sila sa walang patid na pang-ekonomyang krisis na pinalalala pa araw-araw ng walang-hanggang kabulukan at pandarambong sa ekonomya ng mga imperyalistang EU at ni Marcos, sampu ng mga galamay niyang salalaking burgesya.

Punung-punô na ang mamamayan sa patuloy na papatinding panunupil sa kanilang mga saligang karapatan.

Hag-salsa sila ngayon sa daan-daang libo nilang bilang, lantarang sumasunway sa diktadura, at iginigiit na ihinto ang mga abusong militar, ganap na kilanlin ang kanilang mga demokratikong karapatan, magsagawa ng epektibong mga hakbang para maibsan ang kanilang karukhaan, at palayain ang lahat ng bilango at detenidong pulitikal.

Malaki na rin ang isinulong ng pampulitikang kamalayan ng mamamayan magulang ipataw ang batas-militar. Malinaw na silang nakikita ngayon na ang mga "plebisito", "reperendum" at "eleksyon" ay pawang mga panloloke at panggagantsong naglalayong mapatatag pa sa pagkakaluklok sa poder ang nagbaharing pangkating Marcos.

Kung noo'y may marami-rani ring mga sinserong mamamayan ang nagkakalang makakamit sa balota ang batayang mga pagbabago, ngayo'y di na sila salalansi dahil nakikita na nilang hindi talaga maaaring maganap ang isang tunay na malaya at malinis na eleksyon sa ilalim ng pasistang diktadurang EU-Marcos.

Pangkating Marcos, lalong nahihiwalay

Bukod pa, lalo pang lumala ang hidwaan sa hanay ng mga lokal na naghaharing uri. Sa hanay nila mismo ay lalong nahihiwalay ang pangkating Marcos, at itinatayo ng mga pulitikong anti-Marcos ang kanilang koalisyon para pasiglahin pa ang paglaban at lansagin ang diktadurang Marcos.

Kaugnay nito, lalo pang naging kapanain-pansin ang isa pang ebidensya ng paglakas ng kilusang boykot ng mamamayan. Naging isang salik ito para mahatak sa kilusang boykot ang mga pulitikong anti-Marcos na nakagrupo sa United Democratic Opposition (Unido--Nagkakaisang Demokratikong Oposisyon) at sa iba pang kaugnay na mga grupong oposisyonista.

Bago nito, mahigpit na nangampanya ang karanihan sa mga pulitikong anti-Marcos para sa botong "Hindi" nitong nakaraang "plebisito". Ang kampanya nila para sa botong "Hindi" ang siyang porma nila ng protesta laban sa pakana ni Marcos na gawing "lehitimo" ang kanyang diktadura. Kasabay nito, pinananatili pa nilang bukas ang pinto para sa posibleng pagkakandidato ng isa sa kanila sa "eleksiyong presidensyal".

Sa katunayan, noo'y nagmamaniobra na sina dating Senador Salvador Laurel at Benigno Aquino Jr., gayundin si Assemblyman Reuben Canoy (pawang mga kasapi ng Unido) para mapiling kandidato ng Unido sa pagkapresidente sa "eleksyon", o kaya'y magkaroon san lang ng malaking papel sa pagpili sa kandidato ng Unido.

Para panatilihin bukas ang pinto para sa paglahok, iginiit ng Unido sa rehimen na habaan at gawing 120 araw ang papahon ng kampanya, bigyan ng pantay na ispasyo at oras ang oposisyon sa masidya, alisin sa talaan ang di-kwalipikadong mga botante, at ganap na baguhin ang komposisyon ng Komisyon sa Halalan (Comelec) ng rehimen. Sa madali't sabi, humihingi ng "pagkakataong makalaban" ang Unido bilang pasubali para lumahok ito sa "eleksiyong presidensyal".

Gayunpaman, nabalewala ang lahat ng ito dahil desididong magkamit ng isa pang "napakalaking panalo" ang naghaharing pangkating Marcos, kahit halatang-halata ang palabas, at kung gayo'y tinanggihan niya ang lahat ng kahilingan ng Unido.

Dagdag pa rito, nakapagsimula nang bumwelo ang kilusang boykot ng mamamayan, at tumulong ito para lalong mamulat ang mga mata ng mga pulitikong anti-Marcos sa katotohanang boykot ang pinakamahusay na paraan para ilantad at labanan ang palsipikadong eleksyon.

Nakatulong din ang dami ng mamamayang nagboykot sa "plebisito" at ang resulta ng mga independyenteng sarbey na mas marami pa ang magboboykot sa "eleksyon" para ipasya ng Unido na magboykot.

Boboykot ang Unido

Kaya't ayon dito, nagpulong noong Abril 24 ang mga kasapi ng Unido at lubos na nagkakaisang pinagpasyahang "ganap, aktibo at masiglang" magboboykot sa huwad na eleksyon sa Hunyo 16.

Kahit kapwa sila wala sa pulong noong Abril 24, nagpadala ng mensahe ng pagsuporta sa linyang boykot si dating Senador Lorenzo Tañada, presidente ng Lakas ng Bayan (Laban) at isang lider sa kampong anti-Marcos, at ang oposisyonistang seyor ng Zamboanga City, si Cesar Climaco.

Pinakamahusay na naisasabuo ang kolektibong posisyon ng mga pulitikong anti-Marcos sa pangungusap ni dating Senador Gerardo Roxas (isa sa dalawang tagapangulo ng Unido) na boboykotin nila ang "halalan" sa Hunyo 16 dahil ito ay "isa na namang pakana para patagalin ang paghahari ni Ginoong Marcos".

Nagandang pangyayari ito. Ipinakikita nito na sa ngayo'y nakaalpas ang karamihan sa mga pulitikong anti-Marcos sa bitag ng "normalisasyon". Sa ganito'y naging handa silang makipag-isa sa mamamayan sa pagboykot sa panlolokong elektoral at, lagpas dito, sa paglalansag sa kamuhimuhing diktadura.

Kahit ayon sa kanilang pananaw at mga interes bilang mga pulitiko, wasto ang ginawa nilang hakbang na makipag-isa sa kilusang boykot ng mamamayan. Sinuman kasi sa kanila ang tumakbo bilang kandidatong presidensyal, o aktibong mangampanya para sa paglahok sa panloloko, sa katunayan ay tutulong sa pagtatangka ng pangkating Marcos na gawing "lehitimo" at patagalin pa ang pasistang diktadura, at sa ganito'y makatwiran lamang na tuligsain ng mamamayan ngayon at sa hinaharap bilang malinaw na collaboration (pakikipagsabwatan) sa diktadurang Marcos.

Masinsinan ngayong binabantayan ng mamamayan ang mga pulitikong anti-Marcos, laluna ang mga kasapi ng Unido, para makita kung talagang itataguyod ang linyang boykot na itinakda nila.

Panawagan ng Partido

Inuulit naman ng Partido Komunista ng Pilipinas ang panawagan nito sa mamamayan na iboykot ang darating na palipikadong eleksiyong presidensyal. Dagdag pa, nananawagan ito sa mamamayan na aktibong lumahok sa mga kampanyang pampropaganda, ralli, martsa, pagtitipon, simposyum, kampanya sa importasyon, petisyon at iba pang porma ng mga aksiyong masa na magtatatag ng pinakamalawak na posibleng kilusang boykot at magpapahayag sa malinaw na kagustuhan at determinasyon ng mamamayan na wakasan na ang diktadurang EU-Marcos.

Hindi dapat katakutan ang paulit-ulit na pagbabanta ng rehimen na pagmamuhala o ikukulong ang mga tatanging lumahok sa mga panlolokong elektoral nito. Ilang ulit nang lantarang sinusuwat sa nakaraan ang anti-demokratiko at katawa-tawang patakaran ng ito, at wala ni isang pinagsulta o ikinulong nang dahil sa di pagboto. Bukod pa, di kayang kulong ng diktadura ang buong kilusang boykot--ang malaking mayorya ng sambayanan.

Sentral na pampulitikang usapin sa bayan ngayon ang pananatili sa poder ng pangkating EU-Marcos at ang pakana nitong gawing "lehitimo" ang sariling pagbaharing diktador.

Para sa malawak na masa ng sambayanang Pilipino, na napakatagal nang nagdurusa sa matinding pagsasamantalang pang-ekonomya at sarahas na pampulitikang pang-aspi sa ilalim ng diktadura, naging usapin na ng buhay at kamatayan ang pagtanggap gawing "lehitimo" ang diktadura at epektibong pagpungyag ang pagpapabagsak dito.

Sa kasalukuyang kalagayan, ang pinakakagayat at pinakapektibong ekspresyon ng makabayang tungkuling ito ang aktibong paglahok sa kilusan ng mamamayan para iboykot ang dumarating na panlolokong elektoral.

Lag is dito, at sa pangkalahatan, tinatawagan ang lahat ng demokratiko at makabayang mamamayan na tuwirang lumahok, o sumuporta sa iba't ibang paraan, sa armadong pakikibaka at sa pambansang nagkakaisang prente para ibagsak ang diktadurang EU-Marcos at hawanin ang landas para sa pagtatayo ng isang independyente, demokratiko, makatarungan at masaganang lipunan para sa sambayanang Pilipino.

**UMANIB SA BHB ANG 4 NA PARI,
NAIS MAGLINGKOD SA NAMAMAYAN**

Malugod na tinanggap ng mamamayo ng Hilagang-Kanlurang Luzon at ng buong Pilipinas ang pagsampa ng apat na paring Katoliko bilang mga bagong Pulang mandirigma ng Bagong Hukbong Bayan.

Ang apat na pari ng SVD (Lipunan ng Banal na Wika) na nagbitiw sa mga opisyal na tungkulin sa kani-kanyang parokya sa probinsyang Abra, ay sina Eberendo Conrado Balweg, Reb. Nilo Valerio, Reb. Bruno Ortega at Reb. Cirilo Ortega.

Sa isang pahayag na inilabas nitong Marso 29, anibersaryo ng BHB, sinabi ng mga pari na sa katunaya'y hindi nila tinatalikuran ang kanilang tungkulin, bagkus, lalo pa nga nilang naisasabuhay ngayon ang pagiging malapit at paglilingkod sa masa. Inilahad nilang pawang nabigo ang mga pagsisikap nila noong iniaasa nila sa legal na pamamaraan ang pagtataguyod sa mga interes ng mga tribong Tingguian at iba pang taga-Abra.

"Magmula't mula pa'y ipinasya na naging ielay ang aming buhay sa ganap na paglilingkod sa mahihirap," anila.

"Ngayon, muli naging pinagtatibay ang aming komitment sa pinagsasamantelahan at inaapang masang Pilipino sa kani-kanilang pagpapunyagi at paglaban para sa kalayaan at tunay na demokrasya."

Ang apat ay pinakahuli sa patuloy na humaha sa talaan ng mga tao ng simbahan na umaanib sa pambansa-demokratikong kilusan at gumaganap ng iba't ibang tipo ng gawain hanggang sa pagtutok ng armas sa mga kaaway ng mamamayan. Noong Marso 29, 1980, umaanib sa BHB si Reb. Vicente Pelotillo, isang kura-paroko sa Negros Occidental [AB, Hulyo 15, 1980].

Mula nang sumampa sa BHB si Reb. Ruis sa Bohol, Silangang Kabisayaan, bago pa mag-batas militar noong 1972, karaming iba pang pari ang sumunod. Kabilang dito si Reb. Luis Jalandoni ng Negros Occidental, Kanlurang Kabisayaan.

Isang tanda ng mataas na prestihiyo at lumalawak pang impluwensya ng Partido, ng BHB at ng Pambansang Demokratikong Prento (National Democratic Front o NDF) at tanda rin ng patuloy na pagkakahiwalay ng diktadurang EU-Marcos sa mamamayan ang pag-anib ng paparaming tao ng simbahan sa rebolusyonaryong armadong pakikibaka at sa kilusan sa kabuuan.

**NAGSISILBING MANINGNING NA HUWARAN
ANG MGA MANGGAGAWANG UMAANIB SA BHB**

Kitang-kita sa kanila ang rebolusyonaryong katangian ng kanilang uri--disiplinado, seryoso sa trabaho, mahigpit tumagat ng patakaran, matiyaga, masipag mag-aral, kongkretong magpaliwanag, matalas mag-loip at mapanlikha, paliwanag ni Ka Teryo.

Nasa mukha ni Ka Teryo ang paghanga habang nagsasalita tungkol sa mga kasamang manggagawa na sumampa sa Bagong Hukbong Bayan para tuwirang lumahok sa rebolusyonaryong armadong pakikibaka. Pangunahin niyang tinutukoy sina Ka Narding at Ka Benny, kapwa mga manggagawa sa minahan sa Silangang Kabisayaan.

Pulang mandirigma na rin si Ka Teryo, na sa petiburgesyang lungod naman nagmula, at nakilala niya nang malaliman sina Ka Narding at Ka Benny nang silang tatlo'y magkakasama sa isang larangang gerilya. Nalaman niya ang maraming detalye sa personal na buhay at pampulitikang pag-unlad ng dalawang kasama. Kanyang paglalahad ang sumusunod:

Anim na taon sa minahan si Ka Narding at si Ka Benny naman ay sampu. Noong una, karaniwang miembro lamang sila ng unyon. Paglaon, inugnayan at inorganisa sila ng isang kadre ng Partido na gumaganap ng gawaing pampolitika sa kanilang lugar.

Magmula noon, mabilis silang umunlad. Nakipagtalakayan sa kanila ang kadre ng Partido at binigyan sila ng maraming babasahin. Masinuinan nilang pinag-aralan ang maraming paksa tungkol sa katangian ng kasalukuyang lipunang Pilipino at tungkol sa pangangailangang lutasin sa rebolusyonaryong paraan ang mga problema ng mamamayan.

Kongkreto nang naranasan nina Ka Narding at Ka Benny sa minahan ang katotohanan ng imperyalismo. Ang minahan, na isa sa pinakamalaki sa Pilipinas, ay pag-aari ng mga imperyalistang Amerikano at Hapones, kasosyo ng ilang lokal na malalaking kapitalistang komprador.

Paminsan-minsan ay tinatawag at dinadala ni Ka Narding ang mga kapwa niya manggagawa sa open pit. Pagkatapos, itinuturo niya ang isang malaking hukay sa tabi ng bundok--hukay na tatlong kilometro ang lapad sa ilang lugar--at sasabihin sa mga minero: "Iyan ang imperyalismo. Kinukuha ang kayamanan natin, tapos, hukay ang iniwan sa atin."

Matinding pagsasamantala ang naranasan nila sa minahan. Noong 1974, ayon sa mga datos na napasakamay ng mga minero mismo, noong kataasan ang benta ng tanso sa dayuhang pamilihan, ang ipinasasahod sa manggagawa ay piso lamang sa bawat P20 tubo, kinakamal ng kompanya.

Ang karaniwang sahod noon ay P14 sa bawat walong oras ng napakabigat na trabahon at may peligro pang malibing sila nang buhay o kaya'y malubhang nasaktan kapag gumuho ang hukay. Humigit-kumulang 40 porsyento ng taunang produksyon ng tanso sa Pilipinas ang pinalilitaw ng may 10,000 manggagawa sa minahang iyon. May iba pang mineral na nakukuha roon, tulad ng ginto at pilak.

Sa mga pakikibakang pang-union unang namalayan ng dalawang kasamang manggagawa ang unang mga binhi ng kamalayang pampolitika. Kaagad nilang nakita na laging pumapanig sa mga mapagsamantala ang batas at ang pasistang militar.

Nagpadala ng mga sundalo si Vicente Raval, heneral na hepe noon ng PC, para buwagin ang kanilang welga. Nagtanim pa ng mga ispya sa minahan ang PC para manmanan at guluhin ang mga manggagawa.

Natanto rin ng dalawa kung sino talaga ang pinagsisilbihan ng mga dalawang lider obrero. Nang ipataw ang batas militar, wala nang ganap na eleksyon sa unyon na dapat sana'y minsan sa tatlong taon. Binigyan ng promosyon ang mga opisyal ng unyon at ginawang mga superbisor. Pinagbayad ang mga manggagawa ng sobra-sobrang buwanang butaw sa mga opisyal ng unyon. Nagkaroon ng diktadura sa Pilipinas, nagkaroon din ng diktadura sa dalawang unyon.

Pagsulong ng kamalayang pampolitika

Pinag-aralan ng kadre ng Partido na usuugnay kina Ka Narding at Ka Benny ang mga karanasang ito at tinulungan ang dalawa na itaas ang antas ng kanilang kamalayang pampolitika. Lalong sumulong ang kanilang pampulitikang kamalayan nang pag-aralan nila ang "Programa para sa Demokratikong Rebolusyon ng Bayan" ng Partido at tinalakay ang proletaryong internasyonalismo at ang papel ng manggagawa sa pagsulong ng kasaysayan ng daigdig.

Nakatulong sa kanila ang sumunod pang pag-aaral sa mga saligang problema ng lipunang Pilipino at sa pakikibaka ng mamamayang Pilipino para sa pambansa't demokratikong mga mithiin para sakasulong sila mula sa makitid na pang-araw-araw na gawain ng uyonismo tungo sa mas malawak na saklaw ng rebolusyonaryong akbisado.

Madaling-madali nilang nagagap ang kahulugan ng burukratang kapitalismo. Ang mayor kasi sa kanilang munisipalidad ay kapatid ni Marcelino Barba, na bayaw naman ni Marcos. Kumokentrata ng may 2,000 manggagawa ang mayor na ito para sa mga minahan at ang bawat manggagawa'y tinatagaan niya ng P2 mula sa arawang sahod.

Mabilis ding naunawaan nina Ka Narding at Ka Benny kung ano ang pyudalismo. Karamihan sa mga nakasama nila sa minahan ay mga dating magsasaka o kaya'y nagmula sa mga pamilyang magsasaka. Pamilyar sa kanila ang problema ng mga magsasaka sa lupa. Ang mga magulang mismo ni Ka Narding ay mga kasama.

Pamilyar din ang dalawang kasama sa pagsasabwatan ng mga imperyalista at mga panginoong maylupa. Nakita nila na ang kompanya, na nasa kanayunan, ay hindi nagbabayad sa mga magsasaka kapag napipinsala ng minahan ang mga pananim ng mga ito. Pero kapag salalaking panginoong maylupa ang may-ari ng lupang napipinsala sa anumang paraan, kaagad nagbabayad ang kompanya.

Nakita rin nilang ginawang tubuhan ang malalawak na palayan, dahil nabenta sa pamilihang pandaigdig ang asukal at kailangan ito bilang hilaw na materyal sa pagpoproseso ng mga kompanyang imperyalista ng kung ano-anong klase ng mga produktong pagkain.

Di nagtagal, lalo pang sumulong sina Ka Narding at Ka Benny sa kanilang mga rebolusyonaryong aktibidad.

Paglabas sa trabaho sa minahan araw-araw, hinaharap ng dalawa ang kanilang mga pampulitikang gawain. Nakakalat sa isang lugar na may 15 kilometrong lapad ang iba't ibang departamento at pasilidad ng minahan. Kahit may kalayuan ang kailangan nilang punta-puntahan, hindi nila ininda ito at nagpropaganda't nag-organisa sila sa hanay ng mga manggagawa. Pagdaan ng ilang panahon, nag-organisa na rin sila sa mga magsasaka sa kanugnog na mga lugar.

Dahil alam nina Ka Narding at Ka Benny na pagsulong ng armadong pakikibaka ang mapagpasya sa kahihinatnan ng rebolusyon, kaywa sila sumulong pa sa pampulitikang pag-unlad at sumampa sa BMB. Sa kanayunan, nakatalaga si Ka Benny sa isang iskwal ng hukbong bayan habang aktibo si Ka Narding sa gawaing konsolidasyon sa isang sonang gerilya.

Mahigpit na disiplina sa sarili


Sa kanayunan, kaagad napansin ang mahigpit nilang disiplina sa sarili. Palagi silang prangka at deretso sa punto kung magsalita. Walang bagaheng nakagugulo sa kanilang isipan. Mas masaya sila kapag may gagawing trabaho at masigasig silang humaharap sa mga gawain.

Talagang naisabuhay nila sa pang-araw-araw na gawain ang prinsipyo ng simplong pamumuhay at masikhay na pakikibaka.

Malaking tulong sa mga kasama ang kaalaman ni Ka Benny sa syentipikong pamamaraan ng produksyon. Dati siyang makinista. Mahusay niyang ginamit ang kanyang kaalaman sa pamamagitan ng pagtulong sa pagkumpuni ng mga baril at iba pang kagamitang militar. Nakabuo rin siya ng ilang paraan para sa pahusay ang pagsasaka at itinuro ito sa mga magsasaka sa sonang gerilya.

Sa kabilang dako, "quality control" naman ang dating trabaho ni Ka Narding sa minahan. Tahimik siya at talagang palaaral. Malaki ang naitulong niya sa pagsasagawa ng panlipunang pagsisiyasat. Madalas siyang nakikipagtalakayan sa mga kasama tungkol sa sosyalismo at sa konstruksiyong sosyalista na isinasakatuparan ngayon sa Republikang Bayan ng Tsina.

NAKAMIT NG MASA SA KAMPANYANG ANTI-PIUDAL (1980)

Palayan:	
• Bawas sa Upa sa Lupa	50%
• Bawas sa Upa sa Kalabaw	65%
Niyugan:	
• Bawas sa Upa sa Lupa	31%
• Dagdag sa Pasahod sa Manggagawa	56%
SAKLAW: 6 na bayan sa S. Sa	
	

Walang katulad sa kasaysayan ng kilusang magsasaka sa Silangang Kabisayaan ang timli, lalim at lawak na naabot ng kampanyang masang ito. Gayundin, sa mga pagbabagong naganap sa relasyon ng mga uri doon.

Isa itong kahanga-hangang tagumpay laluna't isinulong ang kampanya sa harap ng ibayong pananalakay ng mga mersenaryong tropa ng rehimeng Marcos sa mamamayan.

Sa anim na bayang ito nakakon-sentra ang kalakhan ng mga lupa at inaaring mga kalabaw ng pinakamalaki at pinakamakapangyarihang mga panginoong maylupa sa buong probinsya. Dito rin sila pinakamakapangyarihan.

Dahil sa monopolyong ito ng mga kagasan sa produksyon, naiddikta ng mga panginoong maylupa ang pinakamapagsasantalang mga kondisyon sa pakikisama. Gayung walang kapagdag-pagod at wala ni katiting na ipinupuhunan, kinukuha ng panginoong maylupa ang 50 porsyento o mahigit pa ng kabuuang ani.

Bago nabuo ang ubod ng samahang magsasaka sa ilang baryo noong 1976, isang tanawin tuwing matatapos ang anihan ang "mahabang kwintas" ng mga kasko't lantsang bumabagtas (downstream) sa mga kaba-anan--halos sumayad sa kargang butil. Nag-aalisipuyo ang galit ng masa habang pinagmamagdan ang masaganang bunga ng kanilang pinagpaguran na di-naman napupunta sa kanila.

Damang-dama ng masa ang panibagong ikid ng ibayong kahirapan, gutom at sakit; ng panibagong pagpapagod upang pagkatapos ay suli na namang mapagmasdan ang dating tanawin sa susunod na anihan.

Kaya walang pag-aatubiling niyayakap ng papalaking bilangang masang anak-pawis ang rebolusyonaryong reporma sa lupa ng Partido, at ang pangangailang ibunsod ang armadong pakikibaka hanggang sa tagumpay.

Hanggang nitong anihan ng 1979, puta-putake pa ang pagsusulong ng rebolusyong agraryo sa purok at sa antas pa lamang ng sityo at baryo. "Operasyong Sukot" (pagtatago sa mga panginoong maylupa ng bahagi ng kanilang parte sa ani) ang karaniwang taktika ng mga samahang magsasaka.

Maliit lamang ang pang-ekonomyang biyayang nakakamit nila pero ang mas mahalaga'y nabura sa maraming magsasaka ang maling pag-iisip na "sagrado" ang pag-aari sa lupa ng mga panginoong maylupa at tumampok sa kanila na mapagpasya ang halaga ng lakas-paggawa ng tao. At sa takbo ng pakikibakang masang ito, nakapag-apon sila ng lakas at nakakuha ng panisulang karanasan sa sama-samang pagkilos.

Sabi nga ng mga magsasaka, paghahanda lamang ito sa darating pang mga pagtutuos.

Pagpapabwelo ng kampanyang masa

Sinasalamin ng kampanya ng 1980 ang mga pagulong mula noong 1979.

Sa antas ng isa o dalawang bayan, pinipili ng samahang magsasaka ang pinakamatatag na tatlo hanggang liman baryong pag-uumpisahan ng kampanya. At sinisimulan ang pagkilos kapag naihanda na ang sususunod na mga rekisito:

- 1) Nasuri na ang resulta ng imbestigasyong sosyal at pagsusuri ng mga uri, at batay rito'y natukoy na ang mga pangunahin at punapangalawang target;
- 2) Naitakda na ang layunin ng kampanya at taktikang gagamitin sa pagkilos, at naipaliwanag na sa batayang masa at naipalaganap na sa karamihan ng mamamayan ang pagkilos na gagawin;
- 3) Suo na ang sentral na pamunuan na siyang mangangasiwa at susubaybay sa kampanya; at
- 4) Handa na ang iba pang samahang masa, kabilang ang mga grupong pasuporta ng mga panggitnang elemento, para lumahok o tumulong sa mga pagkilos na ito.

Kapag natutupad ang mga rekisitong ito, paliwanag ng ating mga koresponsal, natitiyak ang tagumpay sa panimulang mga pagkilos at mabisang naihihiwalay ang mga panginoong maylupa. Nahihikay din ang organisadong partisipasyon ng mga panggitnang elemento.

Nga importanteng salik ito para maituluy-tuloy ang kampanya hanggang sa makamit ang itinakdang mga layunin.

Sa pagbwelo ng kampanya, hinaharap din agad ng isang samahang magsasaka ang mga problemang sumusulpot. Isa na rito ang paghahanda sa mamamayan para mailagan o masangga ang reaksiyon ng uring panginoong maylupa at ng sumusuhay ditong pasistang behimen.

Hinarap ang pinakamalalaki

Sa kabuuan, ginamit ng samahang magsasaka ang taktikang paiba-isang harapin ang malalaking panginoong maylupa, habang ipinagpapatuloy ang "operasyong sukot" sa maliliit at panggitnang panginoong maylupa.

Sinuri rin ang mga pangunahing target na panginoong maylupa at tinukoy yaong despotiko't sumasagka sa rebolusyonaryong kilusan, at yaong hindi naman kumekontra.

Hindi na kinokompronta pa ng mga anakpawis ang mga despotiko't sagad-sarin. Sa halip, pinagsisikapang sakabig o kung hindi man manutralisa ang mga katiwala nito. Sa ganitong paraan, nawawalan ng "mata at tainga" ang target, habang binabawasan ang kanyang bahagi sa ani.

Samantala, ang mga di-kumekontra ay pinapakitaan ng pangmasang lakas. Pinakamalaking mobilisasyon ang ginagawa ng samahan sa pakikipagharap sa kanya. Kaalinsabay nito, matiyagang ipinapaliwanag ng samahan ang mga batayan ng mga kahilingang iginigiit ng mga magsasaka at pleksibleng dinadala ang mga ito.

Isinalarawan ng mga koresponsal ang bida ng taktikang nabanggit sa ganitong paraan. Unang naging target sa Oraa ang isa sa limang pinakamalaking panginoong maylupa sa buong probinsya. Mahigpit niyang tinututulan ang mga layunin ng kampanya.

Nang mahalata niyang paliit nang paliit ang bahaging sumasampa sa kanya, pinaalis niya ang katiwala't mga kasama na pinagdududahan niya. Tuviran na niyang pinangasiwaan ang pag-aani ng palay at pagkokopras. Pero lumiliit pa rin ang parte niya.

Kaya't ginamit niya ang impluwensiya at salapi para mabisto ang mga "maganakaw" at hindi maipagbili ang produktong "ninanakaw" sa kanyang lupain. Pero nalulusutan pa rin ng mga magsasaka ang order ng pasistang militar sa mga negosyante sa bayan na i-report at huwag bilhin ang mga produkto ng sinumang walang maipakitang titulo sa lupa o tax declaration kaya.

Ilang negosyante sa bayan ang nagpayo sa panginoong maylupa na "huwag nang maghanap pa ng kagitna at baka isang salop pa ang mawala". Pinaalala sa kanya ang nangyari kay Anacta, superintendente ng Ministri ng Edukasyon at Kultura sa probinsya. "Labos na nawalan ng parte sa ani at kinuspihan pa ng mga kalabaw niya." Ngayon, ni hindi masilip ni Anacta ang kanyang mga lupain ng walang kasamang mga pasistang tropa.

Mula noon, pinahalik ng panginoong maylupang ito ang mga tauhang pinaalis at hindi na nagtangkang sumagka sa kampanyang masa.

Sa Dolores naman, pumayag ang sanahang ipagpaliban muna hanggang sa susunod na anihan ang napagkasunduang 50 porasyentong pagbabawas sa bahagi ng target. Napaluha pa nga ang panginoong maylupa matapos madama ang pakikirasay ng mga magsasaka sa pagkakapit ng kanyang dalawang anak na lalake at abusong dinanas niya sa kamay ng mga pasistang tropa.

Matapos ang pakikiharap na ito, hangos na ang iba pang panggitna at maliliit na panginoong maylupa sa paghahanap sa mga kaanib ng rebolusyonaryong kilusan para humingi ng paglililaw sa "bagong sistema". Anila, was nabuti nang alam nila ang dapat ibawas sa kanilang parte kaysa manatiling nagsususpeta sa kanilang mga kasama.

AKTIBO ANG MGA GRUPO SA EU, CANADA SA PAGTATAGUYOD SA REBOLUSYON DITO

Pinag-iibayo ng mga Pilipino at mga kaibigang taga-ibang bayan na nasa Estados Unidos at Canada ang kanilang mga pagsisikap para suportahan ang pambansa-demokratikong kilusan sa Pilipinas, habang may mga palatandaang pinalalaki pa ng imperyalismong EU ang tulong nito sa papet na rehimeng Marcos.

Dalawa sa kanilang mga asosasyon ang nagpulong bago magtapos ang 1980 para tasanin ang kasalukuyang kalagayan at itakda ang mga plano para sa 1981, ayon sa Philippine Liberation Courier (Kuryer ng Pagpapalayang Pilipino), isang publikasyon ng International Association of Filipino Patriots (IAFP--Internasyonal sa Asosasyon ng mga Makabayang Pilipino).

Nagdaos ng pambansang kombensyon ang Anti-Martial Law Coalition (AMLC--Koalisyong Anti-Batas Militar) sa San Francisco, California, mula Oktubre 31 hanggang Nobyembre 2, at nagdaos naman ng komperensya ng pagtatatag ang Philippine Solidarity Network (PSN--Lambat ng Pagkakaisang Pilipino) noong Oktubre 31 sa Berkeley, na nasa California rin.

Dumalo sa kombensyon ng AMLC ang 125 organisador at tagasuporta mula sa mga syudad ng Chicago, New York, Washington DC, Los Angeles, San Jose, San Diego, Sacramento, Honolulu, Seattle at San Francisco Bay Area, na pawang nasa EU, at mga syudad ng Vancouver, Toronto at Montreal sa Canada.

Sa kabilang dako, dumalo naman sa partitipon ng PSN ang 25 delegado mula sa pitong malalaking syudad sa EU. Ang mga delegasyong ito ay dating mga kaanib ng Friends of the Filipino People (FFP--Mga Kaibigan ng Sambayanang Pilipino), na nahati dahil sa ilang di pagkakasundo sa patakaran. Isang andasasyong sumasaklaw sa buong EU ang PSN at binubuo ito ng mga Amerikano at mamamayang taga-iba pang mga bayan na lumalaban sa pakikialam ng EU sa Pilipinas at sumusuporta sa pakikibaka ng sambayanang Pilipino para sa kalayaan at demokrasya.

Pagtatasa at mga plano

Nakaabot ang AMLC, na binubuo ng mga Pilipino at mga kaibigang taga-ibang bayan, sa kongkretong mas mahihirapan ang pasistang rehimeng Marcos ngayong taong 1981.

Sinabi ng AMLC na dahil ito sa papalala pang krisis pang-ekonomiya na kasama ng determinasyon ng Bagong Hukbong Bayan at ng Hukbong Bangsa Morb na isulong ang kanilang estratehiya sa matagalang pakikidigmang gerilya at ang nag-iibayong pakikibaka ng mga pulitikong anti-Marcos laban sa nagbaharing pangkat ng Marcos.

Manawagan din ito ng pagtutuo ng atensyon sa "paladigmang patakarang panlabas" ng bagong administrasyong Reagan sa EU, at ang pagsuporta nito sa rehimeng Marcos dahil sa tumitingkad na pagpapahalaga ng EU sa mga basang militar sa Pilipinas.

Niresolba ng kombensyon ng AMLC, na muling naghalal kay Rene Cruz bilang pambansang tagapangulo, na paunlarin ang mga programa nito sa edukasyon at ahitasyon, gaya ng mga bukas na talakayan, pagtatalumpati sa iba't ibang lugar at iba pang mga proyektong nakapaghabatid ng sarawang impormasyon tungkol sa kalagayan sa Pilipinas.

Pinagpasyahan din nitong labanan ang mga pagtatangka ng rehimeng Marcos na magkaroon ng kasunduang ekstradiosyon sa EU. Sa bisa ng ganitong kasunduan ay maibabalik ng amo at tata--imperyalismo ng EU at pangkating Marcos--sa Pilipinas ang mga Pilipinong aktibong lumalaban sa pasistang rehimen sa Pilipinas.

"Dapat nating labanan nang mahigpit ang anumang kasunduang ekstradiosyon," sinabi ni Cruz sa kombensyon. "Isang demokratikong karapatan ng bawat Pilipinong narito ang lumaban sa mapanupil na paghahari ni Marcos, at dapat ipagtanggol ang karapatang ito."

Niresolba naman ng PSN na tumulong para mapagkaisa ang mamamayang Amerikano laban sa papalaking "militarinasyon at pwersahang dominasyon (ng EU)".

Ipinahayag naman ng PSN, sa pamamagitan ng pambansang tagapag-ugnay nitong si Elaine Elinson, na ang gobyernong EU ay "mabilis na tumutungo sa panahon ng papalaking militarisasyon at pwersahang dominasyon sa mga bayan ng Ikatlong Daigdig", at nakikita ng PSN ang "pangangailangan sa isang malakas na organisasyon ng pagkakaisa para labanan ang pakikialam ng EU sa Pilipinas".

Sinabi ng PSN sa pahayag ng pagtatatag nito:

"Naniniwala kami na dapat magbunsod ang mamamayang Amerikano ng isang malawak na kilusang lalaban sa papalakas sa militarismong EU. Naniniwala kaming may pagkakaisang interes ang mga sambayanang Amerikano at Pilipino dahil kaharap natin ang isang mapang-aping sistema. Naniniwala rin kami na nakapagpapalakas ang kilusang may pakikipagkakaisa sa Pilipinas sa pamamagitan ng pag-uugnay sa progresibong mga mithiin ng mga mamamayang Amerikano at pagbibigay ng internasyonal na perspektiba sa mga ito."

* * *